
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Pagsagot sa Tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Airene S. Hinay, Girlie R. Banico, Jaycel D. Suganob

**Editor:** Cristy S. Agudera at Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Glofer Jane T. Urbano, Alemer O. Veloso

**Tagawasto:** Rhenan H. Nisperos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean Enriquez, Maria Liza Juanir at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagsagot sa Tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang magaaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pagsagot sa Tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pagaaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balikaral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

***Tayahin***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| Sanggunian | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi.

# Alamin

Kumusta ka na?

Binabati kita sa pagtatagumpay mo sa naunang gawain!

Sa modyul na ito, mapag-aalaman mong sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento at usapan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, balita at tulang binasa (**F3PB-Ib-3.1, F3PN-IIc-3.1.1, F3PB-I-d-3.1, F3PN-Iva 3.1.3**).

# Subukin

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng iyong napiling sagot.

Ang Piknik sa Energy Park
Isinulat ni: Cristy S. Agudera

Nagsisimba ang pamilya ni G. Rudy Mercado tuwing Linggo. Pagkatapos magsimba, nagpipiknik silang mag-anak sa Energy Park. Sama-sama silang kumakain sa parke sa inihandang pagkain ni Nanay Alma tulad ng adobong manok, sinigang na hipon na may gulay, inihaw na bangus at mga prutas. Nagdarasal muna sila bago kumain.



Matapos kumain ay nagpapalipad ng saranggola sina Jef at Jec sa malawak na parke. Si Kris naman ay aliw na aliw sa duyan. Abala naman ang kanilang nanay sa paghahanda ng meryenda nila. Masayang-masaya ang mag-anak.

1. Saan naganap ang kuwento?
   a. sa bahay  b. sa parke  c. sa palengke

2. Kailan namamasyal ang mag-anak?
   a. Araw ng Lunes  b. Araw ng Linggo  c. Araw ng Sabado

3. Batay sa pangungusap na may salungguhit sa kuwento, ano ang ibig sabihin ng <u>nagpipiknik</u>?
   a. kumakain sa parke
   b. sumasakay sa duyan
   c. nagpapalipad ng saranggola

4. Sa iyong palagay, bakit namasyal ang mag-anak?
   a. dahil wala silang magawa sa bahay
   b. sapagkat marami silang perang panggastos
   c. upang maglaan ng oras at panahon sa pamilya

5. Mahalaga bang maglaan ng panahon para sa pamilya?
   a. Hindi, dahil dagdag gastusin lang ito.
   b. Oo, upang malimutan ang isa't isa.
   c. Oo, upang maging mas matibay ang pagsasamahan.

# Aralin 1 — Pagsagot sa Tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita at Tula

## Balikan

Basahin ang maikling kuwento.

**Ang Saranggola**

Isinulat ni: Airene S. Hinay

Araw ng Sabado noon at maagang nagising si Isko dahil gusto niyang maglaro kasama ang kaniyang mga kaibigan. Napansin ni Isko na malakas ang hangin sa labas kaya naisipan niyang magpalipad ng saranggola. Tinawag niya ang kaniyang mga kaibigan at dali-daling nagpunta sa burol.

Masayang nagpalipad ng saranggola si Isko at kaniyang mga kaibigan ng biglang sumabit sa puno ang saranggola ni Isko. Sa tulong ng mga kaibigan, inakyat nila ang puno at kinuha ang saranggola ni Isko. Masaya si Isko dahil bukod sa nakapagpalipad siya ng saranggola, nakatagpo rin siya nang mabubuting kaibigan.

Pagtambalin ang mga tanong sa Hanay A sa wastong sagot nito na nasa Hanay B.

| A | B |
|---|---|
| 1. Sino ang bata sa kuwento? | a. Isko |
| 2. Kailan pumunta sa burol si Isko? | b. sa burol |
| 3. Bakit maagang gumising si Isko? | c. araw ng Sabado |
| 4. Ano ang gagawin ni Isko sa burol? | d. dahil eksayted siyang maglaro |
| 5. Saan pumunta sina Isko at kaniyang kaibigan? | e. magpalipad ng saranggola |

## Tuklasin

Basahin ang usapan.

Gintong Paalala

Isinulat ni Airene S. Hinay

Hapon ng alas-tres noon nang nagkuwentuhan ang maganak sa sala habang nanonood ng palabas sa telebisyon.

Nanay: O ikaw anak, dapat gayahin mo ang pag-uugali ng bida sa palabas. Masipag mag-aral upang makamit mo ang mga pangarap mo sa buhay.

Tatay: Oo nga anak. Lagi kang mag-aral ng mga leksiyon mo sa klase upang makakuha ka ng mataas na marka. Ang sipag at tiyaga sa pag-aaral ang magiging susi mo sa pagkamit ng iyong mga pangarap.

Boboy: Opo nay at tay. Tatandaan ko po ang inyong mga paalala. Mag-aaral po ako nang mabuti para sa inyo at para sa mga pangarap ko.

Sagutin ang sumusunod na tanong at bilugan ang letra ng iyong sagot.

1. Ano ang ginawa ng mag-anak habang nanonood ng palabas sa telebisyon?
   a. kumakain  b. nagkukuwentuhan  c. naglilinis

2. Sino ang sinabihan ng mga gintong paalala?
   a. Nanay  b. tatay  c. Boboy

3. Saan nagkukuwentuhan ang mag-anak?
   a. sa sala  b. sa kusina  c. sa kuwarto

4. Sa iyong palagay, bakit sinabi iyon ng nanay at tatay?
   a. sapagkat nakakalimutan ito ni Boboy
   b. dahil gusto nilang magtagumpay sa buhay si Boboy
   c. upang hindi makamit ni Boboy ang kanyang mga pangarap

5. Mahalaga ba ang pag-aaral upang makamit mo ang iyong pangarap? Bakit?
   a. Oo, upang mas lamang ka sa kapuwa mo.
   b. Hindi, dahil dagdag gastusin lang kay nanay at tatay.
   c. Oo, dahil mas maganda ang uri ng trabaho pag may pinagaralan ka.

# Suriin


Sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento at usapan, mahalagang maunawaan mo ang bawat pangyayari na naganap dito.

Mahalagang malaman mo kung ano ang tinutukoy ng mga bawat salitang pananong.

Mga Salitang Pananong

1. Ano – tumutukoy sa bagay, hayop at pangyayari


sapatos

pusa

nagpapalipad ng saranggola


2. Sino – tumutukoy sa pangalan ng tao


Nanay

Tatay

bata


3. Saan – tumutukoy sa lugar


sa hardin

sa paaralan

4. Kailan –tumutukoy sa oras o panahon.



Araw ng Lunes
Ikalawa ng Mayo


umaga


gabi

5. Bakit – tumutukoy sa dahilan.
Nakakuha ng mataas na marka si Eva
<u>dahil nag-aaral siya nang mabuti</u>.



# Pagyamanin

Gawain A

Basahin ang usapan sa ibaba at mula rito sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng iyong sagot.

## Tagubilin

Isinulat ni: Jaycel D. Suganob

Ang kagandahan ko ay tila paraiso,
Ngunit bata at matanda ay inaabuso ako,
Punongkahoy pananggalang sa malakas na bagyo,
Pinutol at ginawang troso.

Ang aking hiling huwag akong abusuhin,
Kapaligiran ko sana ay laging linisin,
Mga basurang nagkalat dapat ating pulutin,
At huwag itapon sa dagat na irog natin.

Pangangalaga sa kapaligiran ay laging tandaan,
Panatilihin ninyo ang taglay kong kagandahan,
Dahil ito ay nagsisilbing likas na kayamanan,
Na maipagmamalaki sa mga dayuhan at kaninuman.

1. Ano ang pamagat ng tulang iyong napakinggan?
    a. Tagubilin
    b. Panawagan
    c. Pangangalaga sa kapaligiran

2. Sino-sino ang umaabuso sa kapaligiran?
    a. mga hayop
    b. mga halaman
    c. bata at matanda

3. Saan nagkalat ang mga basura?
    a. karagatan
    b. kapaligiran
    c. kabahayan

4. Sa iyong palagay, kailan dapat pangalagaan ang kapaligiran?
    a. bawat oras
    b. tuwing hapon
    c. tuwing umaga

5. Bakit mahalagang pangalagaan ang kapaligiran?
    a. dahil ito ay tirahan lamang ng mga hayop.
    b. upang maging madumi ang hangin at madaming tao ang magkasakit.
    c. para may masilayan at mapakinabangan pa ang susunod na henerasyon.

# Isaisip

Punan mo ng angkop na salita ang bawat patlang upang mabuo ang ipinapahayag nitong diwa.

Masasagot ang mga tanong sa kuwento at usapan kapag naintindihan ang mga pangyayari nito. Ang mga tanong ay madaling masasagot kung alam mo ang tinutukoy ng bawat salitang pananong tulad ng; (1) __________, (2)__________, (3)__________, (4)__________, at (5)__________.

# Isagawa

Basahin mo ang kuwento sa ibaba at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang letra ng iyong sagot.

Araw ng Barangay
Isinulat ni: Airene S. Hinay

Bata at matanda ay may kani-kaniyang gawain sa pagdiriwang ng Araw ng Barangay. Lahat ay abala sa kanilang mga gawain. Ang mga kababaihan ang nag-aayos ng mga palamuting bulaklak sa entablado para sa gagawing programa. Ang mga kalalakihan naman ang nakatoka sa pagkabit ng mga banderitas.

Abala ang mga kabataan sa pag-eensayo ng sayaw para sa paligsahan, Kami naman ay tumutulong sa paglilinis ng aming mga tahanan.



1. Tungkol saan ang kuwento?
   a. Araw ng Bayan
   b. Araw ng Barangay
   c. Araw ng Lalawigan

2. Sino ang nag-ayos ng mga bulaklak sa simbahan?
   a. kabataan b. kalalakihan c. kababaihan

3. Saan naganap ang kuwento?
   a. sa bayan b. sa paaralan c. sa barangay

4. Paano ka makatutulong sa pagdiriwang ng Araw ng Barangay?
   a. maghihintay na tawagin
   b. maglilinis ng paligid nang hindi inuutusan
   c. magpapabayad sa pagsasabit ng banderitas at palamuti

5. Bakit mahalagang magtulungan sa bawat gawain?
   a. upang madaling matapos ang mga gawain
   b. para maabutan pa ng bukas ang mga gawain
   c. upang maging magulo ang paggawa ng mga gawain

# *Tayahin*

Basahin ang kuwento at sagutin mo ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

Pamilyang Nagkakaisa
Isinulat ni: Airene S. Hinay

Pagkatapos maghapunan, pinaaalahanan ng nanay si Emily sa kaniyang gawaing bahay kinabukasan.

Nanay: Emily anak, huwag niyong kalilimutan ang iyong gawaing bahay bukas ha? Ikaw ang nakatoka sa pagdidilig ng halaman sa hardin.

Emily: Opo 'nay. Gigising po ako ng maaga bukas para madali po akong matapos.

Jona: Nanay, maaari po bang tulungan ko si Ate Emily sa pagdidilig ng halaman?

Nanay: Oo naman anak, maganda iyang naisip mo. Dahil sa pagtutulungan madaling matatapos ang mga gawain.

1. Ano ang pamagat ng usapan?

   ______________________________________________

2. Sino ang inatasan ng nanay na magdilig ng halaman sa hardin?

   ______________________________________________

3. Kailan nag-usap ang mag-anak?

   ______________________________________________

4. Sa iyong palagay, bakit kaya nais tumulong ni Jona sa kaniyang Ate Emily?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Mahalaga bang tumulong sa mga gawaing bahay? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

# Karagdagang Gawain

Basahin ang tula at sagutin mo ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

## Pagtitipid

Isinulat ni: Jaycel D. Suganob

Sa panahon natin ngayon
Huwag bumili rito, bumili roon
Bagay na mahalaga dapat bilhin
Pag-aaksaya hindi makabubuti sa atin.

Pagtitipid ating laging ugaliin
Paggasta nang mabuti dapat isipin
Dapat tayong matutong mag-ipon
Nang may madukot sa tamang panahon.

1. Ano ang pamagat ng tula?
   ______________________________________________
2. Sino ang dapat matutong mag-ipon?
   ______________________________________________
3. Saan dapat gastusin ang pera sa panahon natin ngayon?
   ______________________________________________
4. Kailan dapat gastusin ang mga naipong pera?
   ______________________________________________
5. Bakit importante na tayo ay maging matipid?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. b. sa parke
2. b. Araw ng Linggo
3. a. kumakain sa parke
4. c. upang maglaan ng panahon para sa pamilya
5. c. Oo, upang maging mas matibay ang pagsasamahan

**Balikan**

1. a. Isko
2. c. Araw ng Sabado
3. c. Dahil eksayted siyang maglaro
4. e. Magpalipad ng saranggola
5. b. Sa burol

**Tuklasin**

1. b. nagkukuwentuhan
2. c. Boboy
3. a. sa sala
4. b. Dahil gusto nilang magtagumpay sa buhay si Boboy
5. c. Oo, dahil mas maganda ang uri ng trabaho pag may pinag-aralan ka.

**Pagyamanin**

1. a. Tagubilin
2. c. bata at matatanda
3. b. kapaligiran
4. a. bawat oras
5. c. para may masilayan at mapakinabangan pa ang susunod na henerasyon

**Isaisip**

1. ano 2. Sino 3. Saan 4. Kailan 5. Bakit

**Isagawa**

1. b. Araw ng Barangay
2. c. kababaihan
3. c. sa barangay
4. a. naglilinis ng paligid
5. a. upang madaling matapos ang mga gawain

**Tayahin**

1. Pamilyang Nagkakaisa
2. si Emily
3. pagkatapos maghapunan

4-5. *Tanggapin ang sagot ng mag-aaral para sa bilang na ito.*

**Karagdagang Gawain**

1. Pagtitipid
2. lahat ng tao
3. sa mga mahalagang bagay
4. sa tamang panahon
5. upang may magamit sa panahon ng kagipitan

# *Sanggunian*

Cardinoza, Florenda, Jeny-Lyn Trapane, Alde Amaflor, Agnes G. Roller, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Magallo, Mercelita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue. *Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro* 3. Pasig: Rex Bookstore, 2015, 107-108.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph